PROPOSISYON

# 5 PINAPAYAGAN ANG MGA LOKAL NA BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY AT PAMPUBLIKONG IMPRASTRUKTURA NA MAY PAG-APRUBA NG 55% NG MGA BOTANTE. LEHISLATIBONG KONSTITUSYONAL NA AMYENDA.

## OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 94 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

5

- Pinapayagan ang mga lokal na bono para sa abot-kayang pabahay para sa mga taga-California na may mababa at nasa gitnang kita, o para sa pampublikong impraestruktura kabilang ang mga kalsada, tubig, at proteksyon sa sunog na aaprubahan ng 55% ng mga botante, sa halip na kasalukuyang kahingian sa pag-apruba na dalawang-katlo.
- Dapat kabilang sa mga bono ang mga tinukoy na kahingian sa pananagutan, kabilang ang komite sa pangangasiwa ng mga mamamayan at taunang independiyenteng pag-audit sa pananalapi at pagganap.
- Pinapayagan ang mga lokal na pamahalaan na tasahin ang mga buwis sa ari-arian na higit sa 1% upang bayaran ang mga bono sa abot-kayang pabahay at imprastraktura kung aaprubahan ng 55% ng mga botante sa halip ng kasalukuyang kahingian sa pag-apruba na dalawang-katlo.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Pagtaas ng lokal na paghiram upang pondohan ang abot-kayang pabahay, pansuportang pabahay, at pampublikong imprastraktura. Ang halaga ng mas mataas na paghiram ay depende sa mga desisyon ng mga lokal na pamahalaan at mga botante. Ang mga hiniram na pondo ay babayaran ng may mas mataas na buwis sa ari-arian.

PINAL NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 1 (PROPOSISYON 5)
(KABANATA 173, MGA BATAS NG 2023)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 29 | Mga Hindi 10 |
| Asembleya | Mga Oo 55 | Mga Hindi 12 |

PINAL NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 10 (PROPOSISYON 5)
(KABANATA 134, MGA BATAS NG 2024)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 31 | Mga Hindi 8 |
| Asembleya | Mga Oo 54 | Mga Hindi 8 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

# PINAGMULAN

***Mahal ang Pabahay sa California.*** Ang isang karaniwang tahanan sa California ay kasalukuyang nagkakahalaga ng humigit-kumulang dalawang beses sa pambansang average. Katulad nito, ang mga nangungupahan sa California ay karaniwang nagbabayad ng humigit-kumulang 50 porsiyentong mas mataas para sa pabahay kaysa mga umuupa sa ibang mga estado.

***Ang mga Lokal na Programa ay Tumutulong sa Pagbabayad para sa Pabahay.*** Ang ilang mga programa ay tumutulong sa mga mababang-kita na taga-California na makabili ng bahay. Halimbawa, ang mga pamahalaan ay tumutulong sa pagbabayad para sa pabahay na nakalaan para sa mga residenteng mababa ang kita. Ang ibang mga programa ay nagbibigay ng pabahay at mga serbisyo sa mga partikular na grupo. Kabilang sa mga halimbawa ng naturang mga grupo ang mga taong may kapansanan o ang mga nasa panganib ng talamak na kawalan ng tirahan. Tinutukoy namin ang abot-kaya at sumusuportang mga programa sa pabahay bilang “tulong sa pabahay.”

***Nagbabayad din ang mga Lokal na Pamahalaan para sa Pampublikong Imprastraktura.*** Ang mga halimbawa ng mga proyekto ng imprastraktura na binabayaran ng mga lokal na pamahalaan ay kinabibilangan ng mga kalsada, ospital, istasyon ng bumbero, aklatan, at pasilidad sa paggamot ng tubig.

***Ang mga Lokal na Pamahalaan ay Madalas Gumagamit ng mga Bono upang Magbayad para sa Mga Programa sa Tulong sa Pabahay at Pampublikong Imprastraktura.*** Ang mga bono ay isang paraan para sa mga lokal na pamahalaan na humiram ng pera at pagkatapos ay bayaran ito kasama ang interes sa paglipas ng panahon. Katulad ng paraan ng pagbabayad ng isang pamilya ng mortgage sa kanilang bahay, ang mga bono ay nagpapahintulot sa mga pamahalaan na ikalat ang mga gastos sa loob ng ilang dekada.

***Ang Ilang mga Bono ay Nangangailangan ng Dalawang-Katlong Pag-apruba ng mga Lokal na Botante.*** Para sa mga lungsod, county, at mga espesyal na distrito, ang mga bono na binabayaran ng pagtaas ng buwis sa ari-arian ay karaniwang nangangailangan ng dalawang-katlong pag-apruba ng mga lokal na botante. Ang mga ito ay tinatawag na pangkalahatang obligasyong bono.

## MUNGKAHI

Binabago ng Proposisyon 5 ang mga tuntunin sa Konstitusyon ng California para sa pag-apruba ng partikular na mga pangkalahatang obligasyong bono ng lokal na pamahalaan. Inaatasan din nito ang mga lokal na pamahalaan na subaybayan ang paggamit ng mga kita sa mga partikular na paraan.

***Pinabababa ang Kinakailangang Pag-apruba ng Botante para sa Ilang Bono.*** Pinabababa ng Proposisyon 5 ang kinakailangang pag-apruba ng botante upang maaprubahan ang mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono kung popondohan ng mgaito ang tulong sa pabahay o pampublikong imprastraktura. Sa partikular, ibinababa ng Proposisyon 5 ang kinakailangan sa pag-apruba ng botante mula sa dalawang-katlo hanggang 55 porsyento.

***Nangangailangan ng Partikular na mga Aktibidad ng Pangangasiwa.*** Ang Proposisyon 5 ay nag-aatas sa mga lokal na pamahalaan na gumawa ng mga partikular na hakbang upang subaybayan ang paggamit ng mga pondo ng bono na sumusuporta sa tulong sa pabahay at pampublikong imprastraktura. Halimbawa, kakailanganin ng mga lokal na pamahalaan na magsagawa ng taunang independiyenteng pagsusuri sa pananalapi at pagganap. Ang mga komite ng nagbabantay na mga mamamayan ay hihirangin din upang tumulong sa pangangasiwa sa paggasta.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***May mga Partikular na Lokal na Bono na Mas Malamang na Pumasa.*** Ang mas mababang kinakailangang pag-apruba ng botante ay magpapadali sa pagpasa ng mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono para sa tulong sa pabahay at pampublikong imprastraktura. Ang mga kamakailang resulta ng lokal na halalan ay nagmumungkahi na ang karagdagang 20 porsiyento hanggang 50 porsiyento ng mga lokal na panukala sa bono ay maipapasa sa ilalim ng mas mababang kinakailangan na pag-apruba ng botante ng Proposisyon 5. Ang mga panukalang iyon ay lilikom sana ng dalawang bilyong dolyar sa loob ng maraming taon. Ang mas mababang kinakailangang pag-apruba ng botante ay maaari ring mangahulugan na ang mga lokal na pamahalaan ay magmumungkahi ng mas maraming panukala.

***Tumaas na Lokal na Pagpopondo para sa Tulong sa Pabahay at Pampublikong Imprastraktura.*** Ang pagtaas sa pag-apruba ng mga lokal na bono ay maaaring magpataas ng pondong magagamit para sa tulong sa pabahay at pampublikong imprastraktura. Ang halaga ng pagtaas na ito ay hindi malinaw. Batay sa mga kamakailang takboa, maaari itong umabot ng dalawang bilyong dolyar sa loob ng maraming taon. Ang halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa bawat lokal na pamahalaan Kung aaprubahan ng mga lokal na botante ang mga karagdagang bono, magkakaroon din ng mas mataas na gastos sa paghiram ang mga lokal na pamahalaan. Ang mga gastusing ito ay babayaran sa pamamagitan ng mas mataas na buwis sa ari-arian. Sa huli, ang anumang pag-apruba ng mga bono sa hinaharap ay nakasalalay sa mga desisyon ng mga lokal na pamahalaan at mga botante.

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.**

Para sa buong teksto ng Proposisyon 5, tingnan ang pahina 94.